National Cyber Security Centre
a part of GCHQ

Australian Government
Australian Signals Directorate

ASD AUSTRALIAN SIGNALS DIRECTORATE
ACSC Australian Cyber Security Centre

BND

Bundesamt für Verfassungsschutz

Communications Security Establishment
Canadian Centre for Cyber Security

Centre de la sécurité des télécommunications
Centre canadien pour la cybersécurité

National Cyber Security Centre
PART OF THE GCSB

Patnubay

BADBAZAAR at MOONSHINE: Teknikal na pagsusuri at mga pagpapagaan o mitigasyon

ika-9 ng Abril 2025

BADBAZAAR at MOONSHINE: Teknikal na pagsusuri at mga pagpapagaan o mitigasyon

Buod

Sa tulong ng UK Cyber League, ang patnubay na ito ay magkatuwang na inihanda ng National Cyber Security Center (NCSC UK) at mga internasyonal na katuwang:

- **Ang Australian Cyber Security Centre, bahagi ng Australian Signals Directorate**
- **Ang Canadian Center for Cyber Security, bahagi ng Communications Security Establishment**
- **Ang German Federal Intelligence Service**
- **Ang German Federal Office**
- **Ang New Zealand National Cyber Security Center, bahagi ng Government Communications Security Bureau**
- **Ang Federal Bureau of Investigation ng Estados Unidos**
- **Ang National Security Agency ng Estados Unidos**

Nagbibigay ang patnubay na ito ng bago at pinagsama-samang impormasyon ukol sa banta ng intelihensya (threat intelligence) mula sa dalawang uri ng spyware na kilala bilang BADBAZAAR at MOONSHINE, at may kasamang payo para sa mga operator ng app store, developer at mga kumpanya ng social media upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga user.

Inilathala ang patnubay na ito kasabay ng patnubay para sa mga biktima ng mga malware na ito.

Ginagamit ng dokumentong ito ang kahulugan ng spyware mula sa glossary ng NCSC: "Isang uri ng malware na ini-install sa isang device nang walang pahintulot ng user, nangongolekta ng mga datos at pagkatapos ay ipinapadala sa third party."

Unang case study: MOONSHINE

Ang MOONSHINE ay isang Android spyware na iniulat noong 2019 ng Citizen Lab na nagta-target ng mga grupong Tibetan. Ang MOONSHINE ay nagpapanggap bilang isang lehitimong app upang akitin ang mga biktima na i-install ito. Isini-share ito sa pamamagitan ng mga channel ng Telegram at sa pamamagitan ng mga link na ipinadala sa WhatsApp.

Ang pananaliksik ng NCSC sa MOONSHINE ay nagpapahiwatig ng mga sumusunod:

- Gumagamit ang MOONSHINE ng management interface na sumailalim sa mga pagbabago mula noong una itong naiulat.
- Ang management interface ay nagpapakita ng malawak na mga kakayahan sa pagsubaybay (surveillance), kabilang ang kakayahang mag-exfiltrate ng mga file mula sa mga device pati na rin ang pag-record ng live na audio at mga nasa screen.
- May natuklasang ilang mga MOONSHINE management interface na virtually hosted. Ang mga interface na ito ay may magkatulad na imprastruktura sa mga login panel na nauugnay sa UPSEC, na ayon sa Intelligence Online ay tumutukoy sa 'Sichuan Dianke Network Security Technology Co., Ltd.'.

Management interface

Ipinapakita ng mga naunang ulat tungkol sa mga MOONSHINE management interface na sumailalim ito sa mga pagbabago, na nagpapahiwatig ng patuloy na pag-unlad.

Ang unang halimbawa ng management interface ay makikita sa ulat ng Citizen Lab noong 2019.



Larawan 1: May nakitang mga Moonshine management interface sa ulat ng Citizen Lab noong 2019 na 'Missing Link Tibetan Groups Targeted with 1-Click Mobile Exploits'.

Noong unang bahagi ng 2022, nag-ulat ang Lookout ng ibang management interface na muling idinisenyo upang magmukhang nasa ibaba (pinapalitan ang mga nakaraang interface sa larawan 1):



Larawan 2: Moonshine management interface na makikita sa ulat 2022 ng Lookout na 'MOONSHINE: Nagbabagong Android Surveillanceware ng Chinese APT POISON CARP Upang Targetin ang mga Tibetan at Uyghur.

Noong Agosto 2023, isang scan command and control ng MOONSHINE (C2) ang nagpakita ng isang interface na katulad ng 2022 interface kung saan ang function na **'Forget Password'** ay hindi na available gaya ng nasa larawan 2:



Larawan 3: Ang MOONSHINE management interface ay nakita noong Agosto 2023 na wala nang prompt na 'Forget Password'.

Ang karagdagang pagsisiyasat sa management interface ay nagsiwalat ng content sa loob ng panel na nagpapakita kung paano itatabi ang mga detalye ng mga nakompromisong device.



Larawan 4: Webpage sa likod ng login page ng MOONSHINE management interface.

Ipinakita ng pananaliksik sa Lookout ang pagpasa ng '**score**' mula sa device ng biktima patungo sa mga server ng MOONSHINE C2. Ang value ng 'score' ay batay sa mga permiso ng malicious sample sa device ng biktima.

Ang mga column na 'if_contact', 'if_location', 'if_call_log' at 'if_sms' sa loob ng page ay nagpapahiwatig na hindi lahat ng sample ng MOONSHINE ay may ganap na access sa mga nakompromisong device. Ang kaalaman sa mga column na ito at ang 'score' na ipinasa mula sa device patungo sa C2 ay nagpapahiwatig na ginagamit ng mga threat actor ang score upang ipaalam ang antas ng pag-access ng malware sa nakompromisong device sa mga indibidwal na nag-a-access sa management interface.

Sa pangkalahatan, ang payo kung ano ang pinakamahusay na gawi upang mapigilan ang mga app na mangalap ng impormasyon mula sa mga device ay ang pagsuri kung may anumang hindi pangkaraniwan sa mga app permission bago mag-download. Gayunpaman, ang mga sample ng MOONSHINE ay humihingi ng mga permiso na nauugnay sa functionality ng app, kaya maaaring mukhang hindi kahina-hinala, ngunit ginagamit din nila ang mga permiso na ito upang mangolekta ng impormasyon mula sa mga device.

Ang MOONSHINE ay mayroon ding Application Programming Interface (API) na nagpapakita ng lawak ng mga kakayahan nito. Ang mga unang bersyon ng dokumentasyon ng API ay naglalaman ng mga pangalan ng API sa Mandarin.

Virtual host

Sa mga pag-search sa mga panel ng MOONSHINE, natuklasan ang mga pagkakataong virtually hosted. Ang virtual hosting ay kapag ang isang IP address ay maaaring mag-host ng maramihang mga website nang sabay-sabay. Ang mga IP address ng mga pagkakataong virtually hosted na ito at ang mga domain hosted ay hindi naobserbahan sa anumang kilalang mga sample ng malware.

Ang mga pagkakataong ito ng management interface ay naiiba, dahil ang title ng mga page ay **'LOGIN'** sa halip na ang dating nakikitang **'SCOTCH ADMIN'**.



Larawan 5: MOONSHINE management interface gamit ang LOGIN na title sa halip na SCOTCH ADMIN.

Bilang karagdagan, ang nilalaman sa panel ay naiiba din sa figure 4, tulad ng nakikita sa figure 6:

Larawan 6: Webpage sa likod ng login page ng MOONSHINE management interface na virtually hosted.

Ang panel sa larawan 6 ay mukhang stripped-down na bersyon ng panel sa larawan 4. Ang nag-o-overlap na mga katangian ng mga panel ay ang mga pangalan ng column na 'id', 'manufacturer' at 'model' sa talahanayan.

Ang mga pagkakataong natuklasan na virtually hosted ang MOONSHINE ay:

Domain	IP Address
vsa.ahamar[.]com	194.71.107[.]160
gates.chatonlineapp[.]com	172.67.208[.]167
www.onlineweixin[.]net	103.254.108[.]108
www.weetogether[.]top	103.254.108[.]108
www.onlinewxapp[.]net	103.43.18[.]43
www.unusualtransaction[.]com	2.58.15[.]101
m.leak-news[.]com	103.56.17[.]194
www.unusualtransaction[.]com	46.246.98[.]209
www.lodepot[.]com	62.72.58[.]168
www.online-wechat[.]com	103.254.108[.]87

Ang mga domain na ito ay nakalista ng Trend Micro bilang MOONSHINE exploit kit, na responsable sa pagsasamantala sa mga kahinaan ng browser upang makapag-install ng malware sa mga mobile device. Pinangalanan ng Trend Micro ang malware na ito na 'Dark Nimbus'.

Para malinaw, ang mga MOONSHINE management interface ay kung saan nakikipag-ugnayan ang mga sample ng malware ng MOONSHINE, at ine-exfiltrate ang mga datos ng biktima. Ang mga MOONSHINE exploit kit na iniulat ng Trend Micro, ay hiwalay na capability na nagsasamantala sa mga kahinaan ng browser upang makapag-install ng malware na tinatawag na Dark Nimbus sa mga mobile device. Higit pa rito, ang Dark Nimbus at MOONSHINE ay ganap na magkaibang malware.

Parehong may overlap sa code ang MOONSHINE management interface at Moonshine exploit kit kaya magkatulad ang prompt sa pag-login na nasa larawan 3 at 5 pati na rin ang content ng page sa larawan 4 at 6. Pareho rin silang naglalaman ng string na 'webpackJsonpreact-scotchui' sa source code.

Ang mga threat actor ay bumuo ng mga URL link na nakakonekta sa exploitation kit ng MOONSHINE at pagkatapos ay ire-redirect sa mga video na nauugnay sa mga Tibetan at Uyghurs, na nag-o-overlap sa pag-target sa MOONSHINE.

Sa karamihan ng mga IP address na nagho-host ng MOONSHINE exploit kit domain, mayroong isang login page na may title na 'VLiteUI' sa port 444. Ang page na ito ay hindi malawak na naoobserbahan at ang presensya nito sa mga IP na ito ay nagpapahiwatig ng isang posibleng link sa mga operasyon ng mga (threat) actor.



Larawan 7: Login panel na may HTML na title na 'VLiteUI' na naobserbahan sa mga IP na nagho-host din ng mga MOONSHINE exploit kit.

Ang pagsusuri ng Trend Micro sa Dark Nimbus ay nagpakita na ang malware ay magagawang mangolekta ng isang kumpletong listahan ng impormasyon sa device, at ito ay ibabahagi sa C2 gamit ang XMPP protocol.

Binabalangkas din ng Trend Micro na sa ilang bersyon ng Dark Nimbus, natukoy nila ang paglaganap ng string na 'DKNS'.

Ang **'ansec[.]com'** (nakalista bilang isang Dark Nimbus C2 ng TrendMicro) ay naobserbahan din sa mga serbisyo ng XMPP para sa iba pang mga IP address na nagse-serve sa mga web page na may DKNS sa title na:

- DKNS Android远程取证系统 (DKNS Android Remote Forensic System)
- DKNS云网侦控平台 (DKNS Cloud Network Investigation and Control Platform)
- DKNS 云网侦控平台 (DKNS Cloud Network Investigation and Control Platform)
- DKNS远程控制侦查系统 (DKNS Remote Control Investigation System)

Isa pang hanay ng mga IP address na may '**ansec[.]com**' sa XMPP service ay may mga web page na may title na:

- UPSEC互联网控制指挥系统 (UPSEC Internet Control Command System)
- UPSEC无线侦控系统 (UPSEC Wireless Surveillance and Control System)
- UPSEC重点人数据还原系统 (UPSEC Key Person Data Restoration System)

Ayon sa Intelligence Online, naobserbahan ang 'UPSEC' sa mga title ng mga HTML page, na tinutukoy sa 'Sichuan Dianke Network Security Technology Co., Ltd'.

Ikalawang case study: BADBAZAAR

Ang BADBAZAAR ay isang mobile malware na may mga variant ng iOS at Android na nagta-target sa mga indibidwal na Uyghur, Tibetan at Taiwanese. Ang spyware na ito ay kumakalat sa pamamagitan ng mga social media platform at mga official app store. Ang kamakailang pag-uulat mula sa Volexity ay nagpapakita ng iba't ibang mga variant ng BADBAZAAR, na pinaghihiwalay bilang BadSolar, BADBAZAAR at BadSignal. Ang tatlong variant ay naka-link sa isa't isa sa pamamagitan ng nag-o-overlap na mga function na ginagamit para sa pagkolekta ng impormasyon ng device at operator.

Ang pananaliksik ng NCSC ukol sa BADBAZAAR ay nagsiwalat ng mga sumusunod:

- Ang pag-cluster ng mga C2 na domain ay nagpapakita ng higit pang mga link sa mga domain na iniulat sa historical threat intelligence.
- Ang mga C2 server at mga sample ng malware ay nagpapakita ng mga hostname na nauugnay sa actor infrastructure.
- Mga karagdagang profile na ginagamit ng mga threat actor para sa social engineering upang maikalat ang kanilang malware sa kabila ng mga official app store.

WHOIS clustering/domain broker

'UJYJYUJ'

Ang pagsusuri sa mga tala ng WHOIS para sa domain ng BADBAZAAR na **'signalplus[.]org**' (iniulat ni ESET) ay nagpapakita ng value na '**UJYJYUJ**' sa field na '**State**'.

Ang paghahanap para sa iba pang mga domain na may parehong value ay nagpapakita ng mga sumusunod na domain of interest:

- thetubeplus[.]com
- tubevideoplus[.]org
- pmumail[.]com
- signalplus[.]org

(Tingnan ang Annex A, larawan 1)

Ang mga domain na **signalplus[.]org, tubevideoplus[.]org** at **thetubeplus[.]com** ay iniulat na mga domain ng BADBAZAAR C2, habang iniuulat ng ESET ang sub domain na **mail.pmumail[.]com** bilang isang FlyGram proxy server. Ang FlyGram ay isang BADBAZAAR app na binuo ng mga malicious cyber actor (tingnan ang Appendix para sa listahan ng iba pang BADBAZAAR app).

Mga keyboard walking value

Nakakita rin ang NCSC ng mga katulad na keyboard walking pattern sa iba pang nakarehistrong mga domain ng BADBAZAAR C2.

Halimbawa, lahat ng mga sumusunod na domain ay may value na '**REWR**' na naobserbahan sa field na '**State**' (tulad ng ginamit dati):

- yumomotion[.]com
- fvbyavgyea[.]com
- jkiohreh[.]com
- pmstwocqn[.]com

(Tingnan ang Annex A, larawan 2)

Mga domain na may MGA 'FSDF' state field value

Ang isa pang hanay ng mga domain ng BADBAZAAR C2 ay mayroong '**State**' value '**FSDF**':

- tryhrwserf[.]com
- tibetone[.]org
- comeflxyr[.]com

(Tingnan ang Annex A, larawan 3)

Makasaysayang pag-uulat (historical reporting) na may mga keyboard walking value

Ang paggamit ng mga keyboard walking value sa mga talaan ng WHOIS ng mga domain ng BADBAZAAR ay makikita rin sa historically reported na pag-target ng mga organisasyong Tibetan ng TA413. Naobserbahan ng Recorded Future ang mga domain na kontrolado ng actor na nanggagaya sa mga organisasyong Tibetan at ang paggamit ng value ng organisasyong nagparehistro na **"asfasf".**

clublogs[.]com

Ang mga sample ng BADBAZAAR na nakuha ng Lookout ay naglalaman ng **'xle.clublogs[.]com'** bilang C2 domain. Ang root domain na **'clublogs[.]com'** ay naka-host sa IP address na **'95.179.210[.]85'** at may SSL certificate na may subject at issuer value na **'CN=WIN-50QO3EIRQVP'**. Ang value na ito ay tumugma sa mga SSL certificate na makikita sa mga sample ng BADBAZAAR na gumamit ng SSL pinning upang maiwasan ang pagharang ng mga komunikasyon.

Ang hosting history para sa IP address **95.179.210[.]85** ay nagbabalik ng mga sumusunod na domain of interest:

- actually[.]com
- bre.myloughborough[.]com
- rewrwer[.]com
- www.voiceoftibet[.]net
- clublogs[.]com

(Tingnan ang Annex A, larawan 4)

www.voiceoftibet[.]net

Ang domain na **'www.voiceoftibet[.]net'** ay lumilitaw na nagpapanggap bilang ang 'Voice of Tibet' na istasyon ng radyo, katulad ng TTP na ginamit ng TA413.

Ang domain na **'rewrwer[.]com'** ay katulad ng dati nang natukoy na **'State'** value na **'REWR'** na makikita sa mga talaan ng WHOIS ng mga domain ng BADBAZAAR.

Ang mga domain na **'clublogs[.]com', 'rewrwer[.]com'**, **'voiceoftibet[.]net'** at **'myloughborough[.]com'** ay nakarehistro lahat sa email address na **'tplutalova@list[.]ru'**.

actually[.]com

Ang mga tala ng WHOIS para sa **'actuallys[.]com'** ay nagpakita ng isang pagkakataon kung saan ang mga tech at admin na email address ay **'tplutalova@list[.]ru'** ngunit ang email ng nagparehistro ay **'ivan_s81@mail[.]ru'**.

Ang historical na impormasyon ng WHOIS para sa domain na **'actuallys[.]com'** ay nagsiwalat ng email sa pagpaparehistro na **'wangminghua6@gmail[.]com'** na nakalista noong ika-24 ng Pebrero 2016. Noong ika-11 ng Marso 2016, ang email ay kasunod na binago sa **'ivan_s81@mail.ru'** kahit na ang petsa ng pag-expire ng pagpaparehistro ng registrar ay nanatiling pareho.

wangminghua6@gmail[.]com

Ginamit ang email address na **'wangminghua6@gmail[.]com'** para irehistro ang mga domain na makikita sa historical threat intelligence reporting. Noong 2015, tinukoy ng Palo Alto ang email na ginamit para irehistro ang mga C2 na domain para sa malware, Cmstar. Noong 2014, ginamit din ito upang irehistro ang mga domain na natukoy ng Mandiant sa mga kampanyang phishing na isinagawa ng APT3. Noong 2013, ginamit ito para irehistro ang mga domain na natagpuan ng CrowdStrike sa isang malware dropper na may Program Database (PDB) path na naglalaman ng mga Chinese character. Ito ay nagpapahayag ng compilation sa isang Chinese system.

taoyujun@gmail[.]com

Ang domain na **'hcjbtt[.]com'** ay nakarehistro sa email address na **'taoyujun@gmail[.]com'** ngunit ang administrator email nito ay nakarehistro sa **'wangminghua6@gmail[.]com'**.

Walang malicious activity na naka-link sa domain na **'hcjbtt[.]com'**, gayunpaman, ang email address na **'taoyujun@gmail[.]com'** ay natagpuan sa mga ulat ng historical threat intelligence. Noong 2014, ginamit ito upang irehistro ang isang domain na natagpuan ng Mandiant sa mga sample ng **'Cueisfry Trojan'** na ginamit sa pag-target ng mga organisasyong Hapon.

Ang email address ay nagrehistro din ng mga domain tulad ng **'iaea-international[.]org'** na lumilitaw na nagpapanggap bilang **International Atomic Energy Agency** at **'idc-ctbto[.]org'** na nagpapanggap bilang **International Data Center** sa **Comprehensive-B Nuclear Organization (BTOCT).**

Ang naunang Whois record para sa domain na **'iaea-international[.]org'** ay nagpakita ng email ng nagparehistro na **'wangminghua6@gmail[.]com'.**

udtglobals[.]com

Ang domain na **'udtglobals[.]com'** ay naobserbahan gamit ang **'wangminghua6@gmail[.]com'** bilang administrator email at **'ocean.nio@rediffmail[.]com'** bilang email address ng nagparehistro. Ang ibang mga tala ng WHOIS para sa domain na ito, ay nagpakita ng parehong email ng nagparehistro ngunit may email address ng administrator na **'taoyujun@gmail[.]com'.**

Ang '**udtglobals[.]com**' ay lumilitaw na nagpapanggap bilang '**UDT Global**' na isang pandaigdigang kaganapan para sa mga kumpanya sa pagtatanggol at seguridad sa ilalim ng dagat. Ang username na **'ocean.nio'** sa loob ng email address ay maaaring ginagaya ang **National Institute of Oceanography (NIO)** na umiiral sa maraming bansa. Bagama't ang paggamit ng email service na '**Rediff**' (na nakabase sa India) ay maaaring magpahiwatag ng imitasyon ng **Indian National Institute of Oceanography.**

Djibdiplomatie[.]com

Ang domain na **'djibdiplomatie[.]com'** ay lumilitaw na nagpapanggap na mga serbisyo ng diplomasya ng Djibouti, na may katulad na WHOIS record sa **'utdglobals[.]com'**. Isang talaan ang lumabas upang ipakita ang nagparehistrong **'ocean.nio@rediffmail[.]com'** at admin na **'taoyujun@gmail[.]com'** samantalang ang ibang mga tala ay nagpakita ng **'wangminghua6@gmail[.]com'** bilang admin email address na may **'ocean.nio@rediffmail[.]com'** bilang email ng nagparehistro.

Ang parehong mga domain na ito ay mayroon ding mga keyboard walking type value sa mga talaan ng WHOIS. Halimbawa, ang **'udtglobals[.]com'** ay may value na '**ASDF**' bilang registrant city nito at ang **'djibdiplomatie[.]com'** ay may **'DAF DAGF**' bilang registrant name value nito. Ito ay maihahambing sa mga value na naobserbahan sa ibang mga domain ng BADBAZAAR.

Bagama't ang mga email address na **'wangminghua6@gmail[.]com'** at **'taoyujun@gmail[.]com'** ay matatagpuan sa mga talaan ng WHOIS para sa mga domain na nagpapanggap bilang isang **global undersea defence event**, **Djibouti diplomacy services** at ang **International Atomic Energy Agency**, ang mga ito ay nasa mga talaan din ng WHOIS para sa maraming non-malicious na domain.

Ang magkahalong masquerading domain at non-malicious domain ay maaaring magpahiwatig ng pag-iral ng infrastructure-procuring entity na ginagamit upang suportahan ang mga operasyon ng mga malicious cyber actor.

Ang email address na **'ocean.nio@rediffmail[.]com'** ay matatagpuan lamang sa mga masquerading domain na inilarawan sa itaas. Ang **'ivan_s81@mail[.]ru'** at **'tplutalova@list[.]ru'** ay nagrehistro ng napakaliit na bilang ng mga domain ayon sa pagkakasunod, at ang ilan sa mga domain na ito ay na-host sa imprastraktura ng BADBAZAAR. Ang tatlong email address na ito ay pinaniniwalaang mas malapit na nauugnay sa mga operasyon ng malicious cyber actor. Ito ay dahil ang mas mataas na bilang ng mga domain na nauugnay sa kanila ay naka-link sa malicious activity, kumpara sa mga email na **'wangminghua6@gmail[.]com'** at '**taoyujun@gmail[.]com**'.

(Tingnan ang Annex A, larawan 5)

Mga link sa iba pang mga threat actor

Ang isa pang karaniwang katangian ng mga domain na naka-link sa BADBAZAAR na **'actuallys[.]com', 'clublogs[.]com', 'myloughborough[.]com', 'rewrwer[.]com'**, at **'voiceoftibet[.]net'** ay ang lahat ng ito ay nakarehistro sa eNom at 'naka-park' sa '**255.255.255[.]254**'.

Kasunod ng mga nakaraang pagsisiyasat ng NCSC, ang ibang mga domain na may ganitong mga katangian ay nagsiwalat ng aktibidad na naka-link sa **APT5** noong 2019, at **APT14** sa pagitan ng 2009 at 2011.

Ang APT5-mga naka-link na domain ay may mga historical na talaan ng WHOIS na nakalista sa **'taoyujun@gmail[.]com'** bilang email address ng nagparehistro.

Ang mga domain na naka-link sa APT14 ay may tatlong titik na mga subdomain na lumalabas na kumakatawan sa nilalayong target ng kanilang mga malicious na operasyon. Ang isang halimbawa nito ay ang **'bae.ciscoline[.]net'**, na nagmungkahi ng nilalayong pag-target sa BAE Systems at natagpuan sa isang sample na '**Poison Ivy**'.

May katulad na katangian ang nakikita sa mga domain ng BADBAZAAR kung saan nauugnay ang mga subdomain sa pangalan ng trojanised app:

Application Title	C2 URL
Muslim Pro	**mpp**.pmstwocqn[.]com
Video Player for Android	**vpf**.titeperformance[.]com
Batter Master	**bat**.androidupdated[.]net
Radio Afghanistan	**afg**.collinformations[.]com
EN-UG Dictionary Free	**eud**.titeperformance[.]com
Disk Video Recovery	**dvr**.collinformations[.]com
TextNow	**ttn**.titeperformance[.]com

Mahalagang tandaan na ang mga aktibidad na nauugnay sa APT5 at APT14 ay historical at mayroon ding iba pang mga domain na nakarehistro sa eNom at naresolba sa **'255.255.255.254'** na hindi maaaring maiugnay sa malicious activity. Samakatuwid, hindi tiyak na ang mga actor sa likod ng mga kampanyang ito ay pareho o magkakaugnay.

Mga Pangalan ng Machine

Ang pagsusuri sa mga BADBAZAAR C2 at mga sample ay nagsiwalat ng mga hostname na ginamit bilang value ng 'Common Name' sa mga SSL certificate. Ang mga pagsisiyasat ng NCSC sa mga hostname na naobserbahan sa mga sample at imprastraktura ng BADBAZAAR ay nagpakita na ang mga hostname na ito ay ginagamit sa maraming IP address. Ang mga IP address na ito ay nagho-host ng mga domain na matatagpuan sa mga sample ng BADBAZAAR. Mayroong higit pang detalye sa seksyon sa ibaba tungkol sa mga hostname, at mga IP address na may hostname na nagho-host ng mga domain ng BADBAZAAR C2.

Sa halos lahat ng kaso, ang pagkakaroon ng mga certificate na may value ng hostname ay nag-o-overlap sa mga IP resolution para sa mga malicious domain name na tinukoy, ang ilang mga pagkakataon kung saan hindi ito ang kaso ay nakabalangkas.

WIN-EU0VLBL7TUJ

Ang hostname na **'WIN-EU0VLBL7TUJ'** ay naobserbahan sa mga sumusunod na IP address of interest:

- Nag-host ang '**116.203.53[.]21'** ng BADBAZAAR C2 na domain na '**uyapkfinder[.]com'** at **'thewestuniverse[.]com'**.

- Nag-host ang **'95.216.169[.]27'** ng mga domain ng BADBAZAAR C2 na **'adysfunction[.]com'** at sub-domain na **'download.apkbazar[.]biz'** na naobserbahan bilang download link para sa sample ng BADBAZAAR.

(Tingnan ang Annex A, larawan 6)

WIN-70E59JVOB9G

Ang hostname na **'WIN-70E59JVOB9G'** ay naobserbahan sa mga sumusunod na IP address of interest:

- Nag-host ang '**23.88.28[.]220'** ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2, **'aua.rondwsign[.]com', 'nal.tokenmajorp[.]com', 'pep.rondwsign[.]com'** '**doa.rondwsign[.]com**', at **'pls.rondwsign[.]com'.** May tagal ng dalawang araw sa pagitan ng huling nakita ang certificate na may pangalan ng machine, at noong unang nakitang nagre-resolve ang mga malicious domain sa IP.

- Nag-host ang '**23.88.28[.]221'** ng naka-link na sub-domain ng BADBAZAAR na '**bt.bhvghg[.]com'**.

- Nag-host ang '**23.88.28[.]222'** ng mga domain ng BADBAZAAR C2 na '**tubevideoplus[.]org'** at **'cde.mpoxcases[.]com'**.

- Nag-host ang '**65.21.92[.]67'** ng BADBAZAAR C2 sub-domain na '**bat.androidupdated[.]net'**. Nag-host din ito ng sub-domain na **'apps.androidupdated[.]net'** na isang DoubleAgent malware C2.

- Nag-host ang **'65.21.92[.]77'** ng BADBAZAAR C2 sub-domain na '**wyo.titeperformance[.]com', 'big.collinformations[.]com' 'vpf.titeperformance[.]com', 'eud.titeperformance[.]com'** at **'afg.coll]cominformations'**

- Nag-host ang '**65.108.192[.]134'** ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2 na '**upd.whoscaller.net'**. at **'ggl.whoscaller[.]net'.**

- Nag-host ang **'142.132.131[.]15'** ng BADBAZAAR C2 sub-domain na '**bvn.lookincategory[.]com'** at '**edr.lookincategory[.]com'**. May tagal ng labing-isang araw sa pagitan ng huling nakita ang certificate na may pangalan ng machine, at noong unang nakitang nagre-resolve ang mga malicious domain sa IP.

- Nag-host ang '**142.132.131[.]20'** ng mga sub-domain na '**son.onlinegamersgroup[.]com'** at '**system.onlinegamersgroup[.]com'**, na pinaniniwalaang mga BADBAZAAR C2 dahil naka-host ang mga ito habang naobserbahan sa IP ang mga SSL certificate na nauugnay sa BADBAZAAR.

- Nag-host ang **'142.132.131[.]28'** ng BADBAZAAR C2 domain na '**goldplusapp[.]net'** at mga sub-domain na **'who.goldplusapp[.]net'** at **'cgf.goldplusapp[.]net'**.

- Nag-host ang '**162.55.103[.]211**' ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2 na **'oha.alpinemap[.]net', 'aru.alpinemap[.]net', 'aso.alpinemap[.]net', 'afr.alpinemap[.]net',** at **'aar.alpinemap'.**

- Nag-host ang '**162.55.103[.]212'** ng mga sub-domain ng BADBAZAAR na **'pep.rondwsign[.]com', 'ckp.jkiohreh[.]com', 'aar.tokenmajorp[.]com', 'nal.tokenmajorp[.]com', 'pls.rondwsign[.]com'** at **'aua.rondwsign[.]com'**

- Nag-host ang '**195.154.47[.]99'** ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2 na **'ggl.whoscaller[.]net'** at **'upd.whoscaller.net'.** May tagal ng tatlong araw sa pagitan ng unang nakita ang certificate na may pangalan ng machine at noong huling nakita ang mga malicious domain na nagre-resolve sa IP.

- Nag-host ang **'195.154.60[.]3**' ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2 na '**upd.whoscaller[.]net'**
'ggl.whoscaller[.]net'.

- Nag-host ang '**212.83.189[.]89**' ng mga sub-domain ng BADBAZAAR C2 na '**wyo.titeperformance[.]com', 'eud.titeperformance[.]com', 'vpf.titeperformance[.]com'** at **'afg.collinformations[.]com'.**

- Nag-host ang '**212.129.21[.]168'** ng mga domain ng BADBAZAAR C2, '**fre.lookincategory[.]com**', '**tgr.lookincategory[.]com**', '**fgt.lookincategory[.]com**' '**luj.lookincategory[.]com**' at '**bvn.lookincategory[.]com**'.

(Tingnan ang Annex A, larawan 7)

WIN-50QO3EIRQVP

Ang hostname na **'WIN-50QO3EIRQVP'** ay naobserbahan sa mga sumusunod na IP address of interest:

- Nag-host ang **'45.76.132[.]91'** ng mga domain na **'yumoftion[.]com'**, **'androidupdated[.]net'**. Ang parehong mga domain ay naka-link sa BADBAZAAR bilang mga subdomain na **'fow.yumoftion[.]com'** at **'bat.androidupdated[.]net'** ay mga BADBAZAAR C2 domain. Bukod pa rito, ang sub-domain na **'apps.androidupdated[.]net'**ay isang DoubleAgent C2 domain. Nagho-host din ito ng domain na **'pmstwocqn[.]com'**, na naka-link sa BADBAZAAR sa pamamagitan ng mga talaan ng WHOIS.

- Nag-host ang **‘95.179.210[.]85’** ng **‘clublogs[.]com’**, kung saan ang **‘xle.clublogs[.]com**’ ay isang domain ng BADBAZAAR C2 at nagho-host din ng mga naka-link na domain ng BADBAZAAR na ‘**bre.myloughborough[.]com**’, ‘**img.rewrwer[.]com**’, **‘www.voiceoftibet[.]net‘** at ‘**actuallys[.]com**’.

- Nag-host ang ‘**199.247.21[.]34’** ng **‘titeperformance[.]com**’, at ‘**collinformations[.]com’** kung saan ang mga subdomain ay mga domain ng BADBAZAAR C2.

- Nag-host ang ‘**217.69.10[.]128**’ ng domain ng BADBAZAAR C2 na ‘**uyghurdict[.]com**’.

(Tingnan ang Annex A, larawan 8)

WMSvc-WIN-50QO3EIRQVP

Ang hostname na **‘WMSvc-WIN-50QO3EIRQVP’** ay naobserbahan sa mga sumusunod na IP address of interest:

- Nag-host ang **‘78.46.185[.]251’** ng BADBAZAAR C2 domain na **‘groupgram[.]org’**, na iniulat ng Volexity na gumagamit ng port 4432 para sa mga malicious na koneksyon.

- Nag-host ang **‘65.21.92[.]69’** at **‘163.172.205[.]207’** ng domain na **‘widelygram[.]org’** na pinaniniwalaang isang domain ng BADBAZAAR C2, dahil habang naka-host sa parehong mga IP, nakabukas ang port 4432.

- Nag-host ang **‘163.172.198[.]206’** ng domain na **‘maxgram[.]org’** na pinaniniwalaang isang domain ng BADBAZAAR C2, dahil habang ito ay naka-host, nakabukas ang port 4432.

(Tingnan ang Annex A, larawan 9)

WMSvc-WIN-50QO3EIRQVP at WIN-7LSBB9R0F1L

Ang mga hostname na **‘WMSvc-WIN-50QO3EIRQVP’** at **‘WIN-7LSBB9R0F1L’** ay naobserbahan sa sumusunod na IP address nang sabay-sabay:

- Nag-host ang **‘148.251.87[.]245’** ng mga domain ng BADBAZAAR C2 na ‘**flygram[.]org’** at ‘**groupgram[.]org’**.

(Tingnan ang Annex A, larawan 10)

WIN-N8H8S9BG2P0

Ang mga hostname na **‘WIN-N8H8S9BG2P0’** ay naobserbahan sa sumusunod na IP address:

- Nag-host ang ‘**148.251.87[.]247’** ng mga domain ng BADBAZAAR C2 na ‘**omarwhatsapp[.]org’** at ‘**flygram[.]org’**.

(Tingnan ang Annex A, larawan 11)

WIN-I6VBN8MR92A

Ang mga hostname na **‘WIN-I6VBN8MR92A’** ay naobserbahan sa sumusunod na IP address:

- Nag-host ang ‘**148.251.87[.]197’** ng domain ng BADBAZAAR C2 na **‘tryhrwserf[.]com’**.

(Tingnan ang Annex A, larawan 12)

